CAMPBELL ACADEMY FOUNDATION INC.

FILIPINO - GRADE 1

Aralin : Panghalip na Pananong

**Basahin ang maikling kwento.**




# Ang Utos ni Nanay

Isang umaga, inutusan ni Nanay si Maya. "Maya, pumunta ka sa tindahan ni Aling Perla. Bumili ka ng tatlong itlog at sampung pandesal. Heto ang pera. Matatandaan mo kaya ang utos ko?"

"Opo, Nanay. Tatlong itlog at sampung pandesal. Uulit ulitin ko po para hindi ko makalimutan," sagot ni Maya. "Sige, mabuti at naisip mo iyan," sabi ni Nanay. Habang naglalakad si Maya papuntang tindahan, paulit ulit niyang sinabi ang bibilhin niya. "Tatlong itlog, sampung pandesal. Tatlong itlog, sampung pandesal. Tatlong itlog, sampung pandesal." Nakarating si Maya sa tindahan. Naroon si Aling Perla. "Magandang umaga, Maya. May bibilhin ka ba?" tanong ni Aling Perla.

"Opo, Aling Perla. Tatlong itlog at sampung pandesal po. Utos po sa akin ni Nanay.

Ibinigay ni Aling Perla ang tatlong itlog at sampung pandesal kay Maya.

"Salamat po, Aling Perla," sabi ni Maya. Tumalikod si Maya at nagsimulang maglakad pauwi.

"Maya, may nakalimutan ka yata!" tawag ni Aling Perla mula sa tindahan. "Ha? Wala po. Tatlong itlog at sampung pandesal po ang binili ko," sagot ni Maya.

"Nakalimutan mong magbayad, iha!" sabi ni Aling Perla. "Ay, naku! Pasensiya na po, Aling Perla! Heto po ang bayad," sabi ni Maya. Inabot niya ang pera kay Aling Perla. Tinanggap ni Maya ang sukli.

Pagdating ni Maya sa bahay, ibinigay niya ang kanyang ibinili kay Nanay. "Buti naman at hindi mo nakalimutan ang utos ko," sabi ni Nanay. Ngumiti lamang si Maya.

LIVEWORKSHEETS

**English Translation of the story:**

Mother's Order

One morning, Mom ordered Maya. “Maya, go to Aling Perla's store. You buy three eggs and ten pandesal. Here is the money. Can you remember my order? "
"Yes, Mom. Three eggs and ten pandesal. I'll repeat it again and again so I don't forget," Maya replied. "All right, good and you thought of that," Mom said. As Maya walked to the store, she repeatedly said what she was going to buy. “Three eggs, ten pandesal. Three eggs, ten pandesal. Three eggs, ten pandesal. ” Maya arrives at the store. Aling Perla was there. “Good morning, Maya. Do you have anything to buy? "Aling Perla asked.
"Yes, Aling Perla. Three eggs and ten pandesals. Mom ordered me.
Aling Perla gave three eggs and ten pandesals to Maya.
"Thank you, Aling Perla," Maya said. Maya turned around and started walking home.
"Maya, I think you forgot something!" Aling Perla calls from the store. "Huh? Nothing. I bought three eggs and ten pandesals," Maya replied.
"You forgot to pay!" Said, Aling Perla. "Oh, my! I'm sorry, Aling Perla! Here is the payment," said Maya. He handed the money to Aling Perla. Maya accepted the change.
When Maya came home, she gave what she bought to Mom. "It's good that you didn't forget my order," Mom said. Maya just smiled.

**Piliin ang tamang sagot sa bawat tanong. Isulat ang titik sa loob ng kahon.**

________1.Sino ang nag-utos kay Maya?

a. Nanay b. Aling Perla c. Tatay

________2. Ano ang utos kay Maya?

a. Bumili sa tindahan

b. Magluto ng itlog

c. Kumain ng pandesal

________3. Saan pumunta si Maya?

a. sa tindahan b. sa palengke c. sa parke

LIVEWORKSHEETS

________4. Anong ginawa ni Maya para hindi niya makalimutan ang bibilhin niya?

a. Isinulat niya ito sa papel.

b. Paulit-ulit niya itong sinabi.

c. Sinamahan siya ni Nanay.

________5. Ilang itlog ang binili ni Maya?

a. sampu b. tatlo c. lima

________6. Ilang pandesala ang binili ni Maya?

a.sampu b. siyam c.tatlo

________7. Ano ang nakalimutan ni Maya?

a.Nakalimutan niyang bumili ng pandesal.

b. Nakalimutan niyang ibigay ang bayad.

c. Nakalimutan niyang kunin ang sukli.

LIVEWORKSHEETS